

MARK ANTHONY S. SALVADOR

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si **Mark Anthony S. Salvador**. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Kawing*, *Rappler*, *Tomas*, *Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19 1*, *Likhaan*, *Entrada*, *Reflective Practitioner*, *Pylon*, *Bookwatch*, *Liwayway*, at *Luntian Journal*. Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoriyang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer 3 sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Mahilig siyang magkape, maglakad, manood ng mga anime, at mangarap.

BAKA MAY NAIWAN

“Kay bilis ng oras. Pagabi na pala,” parinig ng biyenan niyang lalaki.

Isang buwan at kalahati na mula nang umalis si Clara, kasama ang dalawang bata. Bago umalis ang asawa, humigit-kumulang tatlong buwan silang nag-aaway. Sa tantiya ni Mike, walang linggo na hindi sila nagkakasigawan, na hindi sila magkahiwalay ng tinutulugan—sa kama si Clara, siya sa sofa sa sala—na hindi padabog na isinasara ang pinto, at na hindi siya makatulog dahil parang nabibiyak ang kaniyang dibdib.

Nitong nakaraang mga taon, mas naunawaan niya ang malaking papel ng kalagayang panlipunan sa relasyon ng mag-asawa. Regular na empleyado sa pabrika ng papel si Mike. Ngunit dahil kapus na kapos ang kaniyang kinikita, kumukuha siya ng overtime. Kung isang buwang may overtime, isang buwan din siyang mag-overtime. Pero dahil kulang pa rin ang kinikita niya dahil sa baba ng kanilang sahod at sa taas ng presyo ng bilihin, nakakapagbitiw ng masakit na salita si Clara, na nauunawaan naman niyang bunga lang ng pagod nito sa mga trabaho sa bahay, at sa konsumisyon sa pagbabadyet sa kakarampot na pera. At dahil pagod na pagod sa

trabaho, sinasalubong din ni Mike ng init ng ulo ang init ng ulo ng asawa. Apoy sa apoy.

“Tangna, bakit di ikaw ang magtrabaho? Nasa bahay ka lang naman!” Ang linyang iyon ang hangin na nagtulak sa pinto sa pinakamalakas na dabog, at naghatid sa kaniyang mag-iina sa bahay ng kaniyang biyenang.

Mula nang magnobyong pa lang sila, ugali na ni Mike na lingunin ang lugar na kanilang inupuan. “Baka may naiwan,” sasabihin niya. Minsan, makikita niyang nasa upuan sa fastfood ang panyo ni Clara. Minsan, ang dalang laruang kotse ng panganay nila.

Noong nakaraang mga pag-alis ng asawa, sumasama agad ito sa pagsundo niya. Ngayon ang pangatlong pagsundo niya sa asawa. Hindi ito sumama sa unang dalawang sundo.

“Pagabi na,” sabi ni Clara. “Umuwi ka na.”

Nang nasa labas na si Mike, habang karga ang bunso at akay naman ang panganay, nilingon niya ang bahay ng biyenang. Nakatayo ang dalawang matanda, ngunit wala si Clara. Nahiling niyang sana ay naiwan lang niya iyon. Pero hindi niya makita—ang posibilidad na magkaayos pa sila.